



ANG

**Bayan**

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninism-Maoism

Espesyal na Isyu  
Hulyo 30, 2006

[www.philippinerevolution.net](http://www.philippinerevolution.net)

# Ubos-kayang labanan at biguin ang atas-ng-US na gera ng teror ng rehimeng Arroyo!

Komiteng Tagapagpaganap


Komite Sentral

Partido Komunista ng Pilipinas

**1.** Inutusan ng US ang rehimeng Arroyo na maglunsad sa ngalan ng anti-terorismo ng sustenidong pambansang kampanya ng terorismo ng estado at pamamaslang laban sa armadong kilusang rebolusyonaryo at legal na kilusang demokratiko. Nagkukumahog na tumalima ang rehimeng Arroyo sa pagpapatupad ng kampanya bilang isang paraan para mapanatili ang sarili sa poder, mapanatili ang suporta ng US at harapin nang walang-saysay ang krisis na sosyo-ekonomiko at pulitikal ng naghaharing sistema. Ang pambansang plano sa internal na seguridad ay nailatag na mula pa noong 2001 at ipinatupad bilang Oplan Batay Laya mula noong 2002. Ang plano ay inareglo ng Cabinet Oversight Committee on Internal Security (COCIS) bilang Enhanced National Internal Security Plan (ENISP) ng 2006 para sa higit pang bisyosong mga pag-atake sa mamayahan at mga pwersang patriyotiko at progresibo.

**2.** Ang reaksyunaryong rehimeng ay mayroon lamang 120,000 tropa sa Armed Forces of the Philippines (AFP) at 115,000 pulis para kontrolin ang 85 milyong populasyon sa territoryong mayroong 300,000 kilometro kwadrado. Sobra ang bigat sa itaas ng istruktura ng AFP na mayroon lamang 30,000 tropang pangmaniobra o pang-operasyong kombat. Ang PNP ay may mga *special action force* sa pambansang antas at mga *mobile group* sa antas ng rehiyon at prubinsya pero nakatalaga ito pangunahin sa

mga syudad at munisipalidad bilang mga pwersang lokal na sumusunod sa walong oras na relyebo sa pwesto. Maliit ang AFP at PNP kung ihahambing sa malawak na kanayunan at populasyong magsasaka, sa pulu-pulong katangian ng Pilipinas, sa pag-iral ng mga rebolusyonaryong armadong pwersa ng mamayahan kabilang ang Bangsamoro, at sa estratehikong linya ng matagalang digmang bayan ng Partido Komunista ng Pilipinas



(PKP), Bagong Hukbong Bayan (BHB) at National Democratic Front of the Philippines (NDFP).


**3.** Karamihan ng mga tropa ng AFP ay nakatali sa gawain sa himpilan, sa seguridad ng presidente, at sa seguridad ng mga naghaharing pulitiko at mga susing empresa at instalasyon. Tulad ni Marcos, napakaraming tropa ang ipinapalibot sa sarili ng nahihi-takutang pekeng presidente. Ang tropang mailalaan sa Bantay Laya ay maaari lamang magkonsentra sa 300 hanggang 900 barangay ng kabuuang 42,000 barangay sa bansa at sa mga bahagi lamang ng 12 hanggang 15 ng 128 larangang gerilya ng armadong rebolusyonaryong kilusan. Sa estratehikong pagtanaw, nakalalamang ang AFP sa BHB nang 10 laban sa 1. Pero sa taktikal na pananaw, kaya ng BHB na malamangan ang AFP nang 10 laban sa 1. Dahil walang suporta ng mamamayan, ang AFP ay bulag at bingi. Kaya magagawa ng BHB na sadyang piliin ang oras at lugar para sa paglulunsad ng sorpresang mga taktikal na opensiba (ambus, reyd at operasyon sa pag-aresto)

laban sa mahihinang bahagi ng kaaway.

**4.** Ang fundamental na kahinaan ng AFP, PNP at ibang armadong tauhan ng reaksyunaryong estado ay ang kanilang pagiging malupit na instrumento ng imperyalismong US at mga lokal na naghaharing uring malaking kumprador at panginoong maylupa. Papel nila ang pagtatanggol at pagpreserba sa di makatarungan, lugmok-sa-krisis at bulok na naghaharing sistema ng pang-aapi at pagsasamantala. Winawaldas ng talamak na katiwalian at korapsyon ang malaking parte ng paggastang publiko. Tagus-tagusan hanggang sa mga pwersang militar at pulisia ang laganap na korapsyon sa gubyerno. Sa kontrol ng Malakanyang, nagpapatakbo at nagpuprotekta rin ang mga ito ng mga sindikato sa iligal na sugal, iligal na droga, ismagling at iba pang malakihang organisadong krimen. Tuluy-tuloy na lumulubha ang krisis na sosyo-ekonomiko at pulitikal ng naghaharing sistema. Ipinapataw sa mamamayan ang napakabigat na pasaning buwis at utang sa gitna ng depresyon ng ekonomya at mataas na tantos ng kawalang-trabaho. Hindi uuibrang mapalaki ang paggastang militar nang hindi pinaliliit ang pondo para sa iba pang operasyon ng gubyerno at nang hindi umaani ng galit ng mamamayan.

**5.** Lubos na kabaligtaran ang Bagong Hukbong Bayan at ang mga armadong kabahagi nito (ang mga milisyang bayan at yunit pananggol-sa-sarili). Ipinaglalaban nila ang pambansa at demokratikong mga karapatan at interes ng uring manggagawa, magsasaka at mga panggitnang saray ng lipunan. Instrumento sila ng malawak na masa ng sambayanan, ng demokratikong gubyernong bayan at ng

**... ang Bagong Hukbong Bayan at ang mga armadong katuwang nito ay lumalaban para sa pambansa at demokratikong mga karapatan ng uring manggagawa at magsasaka at mga panggitnang saray ng lipunan.**



mga rebolusyonaryong organisasyong masa. Itinataguyod nila ang pamumuno ng uring manggagawa at ng Partido Komunista ng Pilipinas. Hinahangad nilang makamit ang pangunahing nilalaman ng demokrasya sa pamamagitan ng pagpapatupad sa reforma sa lupa para palayain ang masang magsasaka sa ekonomya, lipunan at pulitika. Nilalayon nila ang pag-unlad ng pambansang ekonomya sa pamamagitan ng industriyalisasyong nasa pag-aari ng mga Pilipino. Itinataguyod nila ang pambansang soberanya at kasarinlan sa mga usaping panloob at panlabas laban sa dayuhang monopolyong kapitalismo.

**6.** Ang marahas na mga kontradicyon sa hanay ng mga reaksyunaryong uri ay lalo pang pinatitindi ng mas lumulubha pang krisis na sosyo-ekonomiko at pulitikal. Ang mga reakyunaryong uri ay nahahati sa magkakaribal na mga grupo sa negosyo at pulitika na nag-aagawan sa poder at kaya-manan. Paksyunalisado ang mga upisyal ng militar at pulisia na

## ANG *Bayan*

Espesyal na Isyu Hulyo 30, 2006

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wika ng Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na mata>tagpuan sa:

[www.philippinerevolution.net](http://www.philippinerevolution.net)

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihiikayat din ang mga mamabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikaunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa:

[angbayan@yahoo.com](mailto:angbayan@yahoo.com)

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

nagsisilbi sa kani-kanilang mga among pulitiko at nagpapatakbo ng kani-kanilang mga sindikatong kriminal. Dapat samantalahan ng mga rebolusyonaryong pwersa ang marahas na mga kontradiksyon sa hanay ng mga reaksyunaryo sa iba't ibang antas sa pamamagitan ng pakikipag-alyansa sa relatibong mabuti-buting mga reaksyunaryo at paghihiwalay, pagpapahina at pagwasak sa pinakamasasahol na reaksyunaryong itinuturing na kaaway. Ang pinakauhaw-sa-dugo sa mga loyalista ng rehimeng Arroyo sa hanay ng mga bulok na burukrata at upisyal militar at pulis ay pwedeng targetin ng pag-aresto at pakikipagsagupa ng BHB kung armado o protektado ng mga armadong gwardya at kung ini-hanay ng mga karampatang rebolusyonaryong awtoridad bilang armado at mapanganib na kriminal na mga suspek.


**7.** Ang malawak na nagkakaisang prente ng mga ligal na partidong oposisyunista, ligal na demokratikong kilusang masa at mga upisyal ng militar at pulisia na anti-Arroyo ay may sapat na lakas sa pulitika para ibagsak ang

rehimeng Arroyo sa isang relati-bong mapayapang paraan tulad ng pagpapabagsak sa rehimeng Marcos at Estrada noong 1986 at 2001 nang hindi yumuyukod sa kudetang militar at huntang pinang-ingibabawan ng militar. Ngunit nagagamit pa ng rehimeng Arroyo ang suporta ng imperyalismong US, ang *chain of command* ng militar at ang pagbubulag-bulagan sa mga krimen ng rehimen ng mayorya ng mga obispong Katoliko at karamihan sa mga grupong negosyante para paralisahan ang ilang pwersa sa malawak na nagkakaisang prente at panatilihin ang sarili sa poder. Pero habang nagtagtagal sa poder ang umaalingasaw at kamuhimuhing rehimeng Arroyo, lalo namang bumubuti ang pusyon ng armadong rebolusyonaryong kilusang bayan para sa ibayong pagpalakas at pagsulong.

Bukas ang NDFP sa pagpapatuloy ng pormal na pag-uusap sa negosasyong pangkapayapaan sa reaksyunaryong gubyerno. Itinuturing nitong mainam at kina-kailangan ang pagpapatupad ng nauna nang mga kasunduan. Pero mapusok na itinutulak ng rehimeng Arroyo ang patakaran nitong todo-

gera. Nasa bentaha ng armadong rebolusyonaryong kilusan ng sambayanan na lubos na nalalantad ang pagtalikod ng rehimeng Arroyo sa The Hague Joint Declaration at pagsasara ng lahat ng pinto sa muling pagpapatuloy ng pormal na pag-uusap sa negosasyon ng GRP at NDFP. Bukas ang pinto ng NDFP sa posibilidad ng pagtigil ng labanan at pakikipag-alyansa sa isang demokratiko at makabayang gubyernong seryosong naghahangad ng kapayapaan at nagpapairal ng mga batayang reforma.

**8.** Iginigiit ng sambayanan na isulong ng BHB ang malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya na nakasalig sa papalawak at papalalim na baseng masa. Sa mas pinabilis na kumpas, makapaglulunsad ang BHB ng mga takatikal na opensibang panlipol at pang-atrisyon sa loob ng kasalukuyang estratehikong depensiba. Para makakumpiska ng mga baril, sorpresang makapagtitipon ito ng superyor na lakas para durugin at disarmahan ang mahihinang target na kaaway tulad ng maliliit na detatsment ng AFP, lokal na pulisia, lokal na mga yunit na paramilitar at mga pribadong *security guard*. Ang unang prayoridad ay ibinibigay natin sa mga aksyong panlipol upang makakumpiska ng armas ng kaaway para makapagbuo ng mga bagong yunit ng BHB. Maaari ring maglunsad ng mga atritibong aksyon ang BHB laban sa mga tropa ng AFP at PNP. Maaari nitong wasakin ang mga instalasyong militar o instalasyong kunkektado sa militar, mga sasakyang iba pang pasilidad para makapinsala sa kaaway at para pwersahin ang kaaway na magtalaga ng mas malaking bilang sa paggugwardya. Pwede nitong ligaligin ang mga tropang kaaway sa pamamagitan ng *sniping*, mga yunit na biglang sumasalakay at mabilis na



umaatras, mga yunit na kayang umatake, mamuksa o maminsala sa isang iglap sa loob mismo ng mga kampo o pwesto ng kaaway (*sapper units*), *rocket-propelled grenade* (RPG), mortar at *land mine* para magdulot ng mga kaswalti, hadlangan ang galaw at demoralisahin ang mga tropa ng kaaway. Ang ilang kilo ng pampasabog at ilang bala ay malaki ang magagawa sa pagpinsala sa kaaway at pagpahina sa kanyang *morale*.

**9.** Hawak ng BHB ang inisyatiba sa paglaban at paggapi sa kaaway. Kaya nitong gamitin kailanman naisin ang mayor na mga taktika ng konsentrasyon, paghihiwa-hiwalay at paglilipat, habang ang bulag at binging kaaway ay nagpaparada ng sarili at pagkatapos ay natutuliro kung magkokonsentra para umatake sa kalabang hindi nila nakikita o di kaya'y kumalat para makasaklaw ng mas malawak na erya sa pangangapa para matunton ang BHB. Napakaraming taktikang pwedeng gamitin ang BHB para lipulin ang mga tropang kaaway. Kabilang sa mga ito ang pagpapain at pag-akit sa kaaway na pumasok sa kaloob-looban, pagsalakay o "pagkiliti" sa isang pwesto ng kaaway para tambangan ang reimporment, pagatake sa kaaway kung saan manapis ang kanyang pwersa, pagligalig sa mga pwersa ng kaaway kapag sila ay nakakampo at nagpapahinga, pagtarget sa mga helikopter o eroplano ng kaaway na mababa ang lipad at maraming iba pa.

**10.** Taliwas sa ipinangangalan-dakan ng rehimeng Arroyo na bago pa lamang siya naglulunsad ng todong gera, noon pa mang 2001 ay sige nang sinasalakay ng AFP, PNP, CAFGU, CVO at mga *death squad* ang ilang bilang ng mga larangang gerilya at pinapatay at dinudukot ang mga walang armas

---

## **Naghuhumiaw ang mamamayan na magawaran ng rebolusyonaryong hustisya ang mga pasimuno at operatibang nagsasagawa ng garapalang paglabag sa karapatang-tao ng mga di armadong aktibista at sibilyang populasyon ng mga larangang gerilya.**

---

na mga ligal na aktibista. Ang Oplan Bantay Laya ay hinarap na ng BHB mula pa noong 2002, nanyutralisa noong 2004 at nakontra-atake na noong 2005 sa mga larangang gerilya. Dahil nabigo at nagapi ang Oplan Bantay Laya sa mga larangang gerilya, ang duwag na mga utak nito gaya ni Arroyo mismo at kanyang Cabinet Oversight Committee on Internal Security, ang mga heneral na gaya nina Palparan, Tolentino at Cabuay, at ang kanilang mga galamay ay nagsasagawa ng paparaming pama maslang, pagdukot at pagtortyur laban sa walang armas na mga kalabang ligal ng rehimeng Arroyo. Dumadalas ang pagkatalo ng mga yunit ng AFP at PNP sa inilulunsad ng BHB na mga aksyong panlipol at atritibo. Ang reaksyon nila ay lalong nagpapamalas sa kanilang kriminal na katangian sa pamamagitan ng ekstrahudisyal na pama maslang, pagdukot at pagtortyur sa di armadong mga aktibista ng ligal na demokratikong kilusan, kabilang na ang daan-daang lider ng mga grupong *party list*, mga aktibista ng mga organisasyong masa, mga tagapagtuguyod ng karapatang-tao, mga abugado, mga pari at pastor, mga mamamahayag at iba pa.

Kaalinsabay ng pagkokonsentra ng mga taktikal na opensiba at mga operasyong pamarusa sa nangungunang mga loyalista at pasistang upisyal ng rehimeng Arroyo at sa sandatahang lakas nito na nasa likod ng karumal-dumal na mga krimen laban sa sambayanan, nakabukas tayo sa pakikipagtigil-labanan, pakikipag-

alyansa at pakikipagtulungan sa mga pwersang anti-Arroyo sa loob ng mga pwersang militar, pulisya at paramilitar.

**11.** Nagpapatuloy ang duwag na pamamaslang at pagdukot ng mga operatiba ng rehimeng Arroyo nang walang paguuusig ni pananagot. Ang mga platung pangkombat ng BHB ay dapat maging batayan sa pagpili ng mga armadong partisano para sa pagganting-salakay sa mga utak at operatiba ng makinarya ng pama maslang ng rehimeng Arroyo. Dapat alam ng mga nasabing partisano ang pasikut-sikot ng kanilang takdang saklaw ng espesyal na operasyon. Duwag ang rehimeng Arroyo sa ginagawa nitong pagpatay sa walang armas na mga kalaban sa pulitika pero mas lalo pang duwag ito sa paggamit ng intriga at pagbibintang sa rebolusyonaryong pwersa ng mga krimen. Subalit ang pinakamabisang paraan ng BHB para sagutin ang madugong pang-iintriga ng kaaway ay ang pagbira nang matindi at umaalingawngaw sa mga utak at operatiba ng Bantay Laya, mula sa antas ng Cabinet Oversight Committee on Internal Security hanggang sa antas ng mga *death squad*.

**12.** Humihiyaw ng rebolusyonaryong katarungan ang mamamayan laban sa mga utak at operatibang sangkot sa malubhang mga paglabag sa karapatang-tao ng mga ligal na aktibistang walang armas at mga sibilyan sa mga larangang gerilya. Dapat ubos-kaya

at determinadong magsikap ang Partido Komunista ng Pilipinas, ang demokratikong gubyernong bayan, ang Bagong Hukbong Bayan at ang mga organisasyong masa upang matupad ang rebolusyonaryong hustisa. Ang mga tugon ay dapat kabilangan ng pagpapatindihang digmang bayan, paglalantad ng mga paglabag sa karapatang-tao sa loob at labas ng bansa at pagtatalaga ng mga espesyal na tim para magmanman at umaresto o makipagsagupa sa mga utak at operatiba ng Oplan Bantay Laya.

**13.** Sa direksyon ng Partido, ang mga platung pangkombat ng BHB sa antas ng mga kumand sa larangang gerilya, prubinsya at rehiyon ay maaaring mapagkunuan ng mga espesyal na tim kaalinsabay ng anti-unting pagpapalakas ng mga armadong partisanong lunsod. Dapat pagsikapang marekluta sa armadong rebolusyonaryong kilusan at mabigyan ng pagsasanay na pulitiko-militar ang mga nakaligtas na biktima, kamag-anak, kaibigan, kasamahan sa trabaho o kasama ng mga martir. Sila ang pinakamasugid sa pagkakamit ng rebolusyonaryong hustisa sa pinakamaagang maaari at sa matagalang, kahit pa mawala na sa poder ang mga pasistang utak at operatiba. Sa pinakamenos, mainam silang mapagkukunan ng makabuluhang impormasyon laban sa kaaway.

**14.** Ang larangan ng ligal na pakikibaka ay dapat bukas sa ligal na pwersang oposisyon anuman ang kulay na pampulitika.

Kailangang makipaglaban sila sa pamamaraang ligal at pulitikal para sa kanilang lugar sa larangang ito. Kailangang ubos-kayang pukawin at pakilusin ang malawak na masa ng sambayanan para labanan ang plano ng rehimeng Arroyo na wasakin at ideklarang iligal ang mga partidong itinuturing nilang Kaliwa. Habang umaabante ang pasistang pakana ng rehimeng Arroyo, kailangang lalong patindihin ng BHB ang pagsisikap na hikayatin ang mga ligal na aktibista na palakasin ang kilusang lihim habang nagpupursigi sa ligal na pakikibaka sa tulong ng ibayong pleksibilidad sa mga taktikang alyansa at mga anyo ng organisasyon at mobilisasyon ng masa. Higit pa, kailangang hikayatin ang mga ligal na aktibista na lumahok sa armadong pakikibaka, bigyan sila ng pagsasanay na pulitiko-militar at parusahan ang mga pasista habang nasa kanilang mga pugad sa lunsod o kapag naglilibot sa mga prubinsya. Pinakabulneable ang mga pasistang ito kapag lumalabas sa elektoral at iba pang kampanya ng panlilinlang at gumagamit ng mga kalsada at mga pampublikong lugar. Habang nagtatangka ang rehimeng Arroyo na wasakin at ideklarang iligal ang mga patriyotiko at progresibong partido, lubos na makatarungan para sa BHB na itutok ang mga baril sa mga pulitikong kaaway at kanilang mga armadong tauhan na aktibo sa armadong kontra-rebolusyon.

**15.** Katulad ng mga taong 1969 hanggang 1972 sa

ilalim ng rehimeng Marcos, may malinaw na mga indikasyon ng intensyon ng rehimeng Arroyo na lipulin ang ligal na demokratikong kilusan at monopolisahn ang kapangyarihang pampulitika sa kalunsuran. Kaya kailangang buuin ng mga rebolusyonaryong pwersa ang matibay na kilusang lihim sa lahat ng dako at paghandaan ang mga taktikal na opensiba kapwa sa kanayunan at kalunsuran. Dapat malalim na umugat sa malawak na masa ang kilusang lihim at magpairal ng pinakaistriktong mga pamantayan at panuntunan sa sikretong pagkilos para matatag na makapagkoordina at makapamuno sa mga pakikibakang bayan sa pinakamahirap na kalagayan at makapangbabaw sa pinakamabangis na pasistang pananalakay. Kailangang magsanay ng mga yunit para sa mga espesyal na operasyong makapagpapahina sa kaaway sa ekonyoma at pulitika at makapagpapanagot sa rebolusyonaryong hustisa ng mga upisyal na pinakauhaw-sa-dugo sa pinakamataas na antas. Maaaring ipihit laban sa rehimeng Arroyo ang sarili niyang patakarang todo-gera sa pamamagitan ng mga aksyon maglalantad sa kanyang pagkabangkaroteng moral at pinansyal at sa kanyang kawalan ng kakayahang maggubyerno at mangalaga sa pamumuhunan ng mga imperyalista at malalaking kumprador-panginoong maylupa.

**16.** Sa pamamagitan ng walang humpay na gawaing masa at pakikidigma, ang demokratikong gubyernong bayan, ang mga lokal na sangay ng Partido, ang mga organisasyong masa at ang Bagong Hukbong Bayan kasama ang mga milisyang bayan at mga yunit pananggol-sasarihi sa mga larangang gerilya ay nakapagpreserba ng lakas at sumulong sa buong bansa. Ang daan-

**Dapat sanayin ang mga yunit para sa mga espesyal na operasyong magpapahina sa rehimeng ekonomya at pulitika at maggagawad ng hustisa sa pinaka-uhaw-sa-dugong mga upisyal sa pinakamataas na antas.**

daang mga platun ng BHB na naka-handa para sa mga taktikal na opensiba sa pambansang saklaw ay makapagpapadugo nang matindi sa kaaway. Madali nilang magagawang bumira at lumayo at umiwas sa mga mapagpasyang labanan sa anumang superyor na pwersa ng kaaway. Sa ngayon, ang BHB sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas ay determinadong magparami ng mga platun bilang mga yunit panalakay ng mga kumand sa larangang gerilya, ng mga yunit sa prubinsya at rehiyon. Madaling makapagkukumbina ang mga platun na ito para maglunsad ng mas malalaking opensiba o di kaya ay makipagkumbina sa mga lokal na iskwad gerilya at mga yunit milisya para sa gayon ding layunin.

**17.** Sa harap ng todong gera ng rehimeng Aquino, ang pagpapalawak at pagpapatatag ng mga larangang gerilya ay obligadong gawin at magagawa lamang sa pamamagitan at sa gitna ng maigting na pakikipaglaban. Dapat lalong pataasin ang kahandaan at kakayahang lumaban ng lahat ng yunit ng BHB habang nagpupunyagi sa lahatang-panig na pagpalakas ng baseng masa at mga larangang gerilya sa pulitika, organisasyon, kultura at ekonomya. Kailangang lalong magpakausay sa pagpukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos ng malaking bilang ng masa sa kanayunan sa pinakamabilis at pinakamabilis na paraan. Kailangang masigasig na isulong ang mga kampaña at pakikibakang antipyudal,

gayundin ang mga kampanyang pampolitika laban sa pasismo, pamproduksyon, pangkalusugan, pang-edukasyon, pangkultura at iba pa. Katulad sa kalunsuran, kailangang buuin, palawakin at palakasin ang kilusang lihim sa kanayunan; sanayin ang mga tagabaryo sa lihim na pagkilos, pagsisikreto at pakikipaglansihan sa mga pasistang tropa at mga galamay nila. Dapat pagpursighan ang pagpaparami ng mga larangang gerilyang laking-kumpanya, gayundin ang pagbubuo ng tatlo o higit pang baseng gerilya at kumpol ng mga konsolidadong baryo sa bawat larangang gerilya. Sa bandang huli, ang paggigiit at paglaban ng masang inaapi at pinagsasamantalahan ang gagapi at sisingil sa pasistang pananalasa ng rehimeng Arroyo.

**18.** Tiyak na mamamayani sa kalaunan ang rebolusyonaryong lakas ng sambayanan sa patnubay ng rebolusyonaryong linya ng demokratikong rebolusyon bayan sa pamamagitan ng digmang bayan. Mas mapabilis ang pamamayaning ito kung kasabay ng mapangahas na pag-susulong ng pakikibakang bayan sa iba't ibang larangan at saklaw ay maiwasan o mababawasan ang mga pinsalang dulot ng mga *pin-point* na pag-atake ng kaaway laluna laban sa mga namumunong yunit at kadre ng rebolusyonaryong kilusan. Gumagastos nang malaki ang rehimeng Arroyo at tumutulong ang imperyalismong US para palakasin ang kakayahang sa *high-tech* na paniniktk ng mga yunit at

ahensyang paniktik ng AFP, PNP at Malakanyang. Sa pamamagitan ng kumbinasyon ng pasistang brutalidad, militarisasyon ng kanayunan at kalunsuran at *high-tech* na paniniktk, nangangarap ang rehimeng Arroyo na pugutan ng ulo ang rebolusyonaryong kilusan. Dapat lubos na seryosohin sa taktika ang pasistang pakana at bantang ito lalunat may natutukoy na mga bulnerabilidad sa seguridad ng mga rebolusyonaryong pwersa sa kalunsuran at kanayunan bunga ng ilang kahinaan, kaluwagan at kabulagsakan sa mga tuntunin sa lihim na pagkilos at sobrang paggamit at pag-abuso sa *cell-phone*. Dapat agad lunasan ang mga bulnerabilidad na ito, mahigpit na ipatupad ang dati at mga bagong atas sa pangangalaga sa seguridad at pag-ibayuhin ang pangangalaga sa kaligtasan ng mga rebolusyonaryong pwersa at masa.

**19.** Para labanan at gapiin ang todong gera ng pasista at papet na rehimeng Arroyo, higit pang mga sakripisyo, katatagan at determinasyon ang hinihingi sa mga cadre at kasapi ng Partido, hukbong bayan at mga rebolusyonaryong organisasyong masa, gayundin sa lahat ng pwersang naghahangad na tunay na pambansang kalayaan at demokrasya. Pero habang nag-iibayo ang kalupitan at paninibasib ng reaksyunaryong rehimeng, lalo lamang nitong pinabilis ang pagkahiog ng mga reksitong obhetibo at suhetibo para sa ganap na pagpapabagsak ng bulok na reaksyunaryong sistemang malakolonyal at malapyudal. **AB**



# Ubos-kayang labanan at biguin ang atas-ng-US na gera ng teror ng rehimeng Arroyo!

Komiteng Tagapagpaganap


Komite Sentral

Partido Komunista ng Pilipinas

**1.** Inutusan ng US ang rehimeng Arroyo na maglunsad sa ngalan ng anti-terorismo ng sustenidong pambansang kampanya ng terorismo ng estado at pamamaslang laban sa armadong kilusang rebolusyonaryo at legal na kilusang demokratiko. Nagkukumahog na tumalima ang rehimeng Arroyo sa pagpapatupad ng kampanya bilang isang paraan para mapanatili ang sarili sa poder, mapanatili ang suporta ng US at harapin nang walang-saysay ang krisis na sosyo-ekonomiko at pulitikal ng naghaharing sistema. Ang pambansang plano sa internal na seguridad ay nailatag na mula pa noong 2001 at ipinatupad bilang Oplan Batay Laya mula noong 2002. Ang plano ay inareglo ng Cabinet Oversight Committee on Internal Security (COCIS) bilang Enhanced National Internal Security Plan (ENISP) ng 2006 para sa higit pang bisyosong mga pag-atake sa mamayahan at mga pwersang patriyotiko at progresibo.

**2.** Ang reaksyunaryong rehimeng ay mayroon lamang 120,000 tropa sa Armed Forces of the Philippines (AFP) at 115,000 pulis para kontrolin ang 85 milyong populasyon sa territoryong mayroong 300,000 kilometro kwadrado. Sobra ang bigat sa itaas ng istruktura ng AFP na mayroon lamang 30,000 tropang pangmaniobra o pang-operasyong kombat. Ang PNP ay may mga special action force sa pambansang antas at mga mobile group sa antas ng rehiyon at prubinsya pero nakatalaga ito pangunahin sa

mga syudad at munisipalidad bilang mga pwersang lokal na sumusunod sa walong oras na relyebo sa pwesto. Maliit ang AFP at PNP kung ihahambing sa malawak na kanayunan at populasyong magsasaka, sa pulu-pulong katangian ng Pilipinas, sa pag-iral ng mga rebolusyonaryong armadong pwersa ng mamayahan kabilang ang Bangsamoro, at sa estratehikong linya ng matagalang digmang bayan ng Partido Komunista ng Pilipinas



## Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-*print* sa istensil:
  - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
  - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
  - c) I-click ang **Properties**
  - d) I-click ang **Advanced**
  - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
  - f) Ituloy ang pag-*print*
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa [angbayan@yahoo.com](mailto:angbayan@yahoo.com)